

Transcript: Kwentuhang Pets Atbp.

Episode: October 15, 2014

Submitted by Adrian Herico

For Broadcast Journalism 101

Khrysta: Magandang hapon sa inyong lahat! Maray na hapon sa indo gabos! Maayo na hapon sa inyo tahan! Good afternoon po to all of you! Bonjour tout le monde! Ayan po, welcome sa programang Kwentuhang Pets Atbp kung saan pagusapan natin at bibigyang boses ang ating mga kapatid na hayop, lahat, lahat ng klaseng hayop. Pati tao, hayop din naman tayo scientifically. Ako po ang inyong host, Khrysta Imperial Rara, at kasama ko po ang ating student producer for the week, si Adrian Herico.

Adrian: Magandang hapon po, welcome po sa programang tumututok sa kapakanan ng ating pinakamamahal na pets at iba pang hayop. Samahan niyo po kami sa isang oras na naman ng makabuluhang kwentuhan at talakayan.

Khrysta: Maganda po ang topic natin ngayon, kasi alam niyo po siguro marami sa inyo mahilig magpunta sa beach tuwing holy week o tuwing bakasyon. Kapag kayo ay nagbebeach, meron kasi doon magkokolekta kayo ng mga bato bato diyaan o corals, o kaya'y magiiscuba diving kayo or snorkeling, naku this topic is for you. At ang guest natin ngayon ay isang scuba diver at ano, communication officer and media manager of World Wildlife Fund or WWF. Mamaya mamemeet natin iyan no, pero ngayon unahin muna natin ang mga balita, Adrian.

(Animal News)

Adrian: Yes Khrysta, matapos ilikas ang limampu't limang libong katao sa six kilometer danger zone ng bulkang Mayon, sinisikap naman ng mga awtoridad na mailikas ang tinatayang tatlong libong hayop na karamihan ay mga kalabaw, kambing at mga baka. Ayon sa gobernador ng Albay na si Joey Salceda, dalawang linggo na nilang ginagawa ang paglikas sa mga hayop, kung saan anim na libong aso at iba pang animal companions, bukod pa sa sampung libong hayop pangsaahan ang nasa ligtas nang lugar. Sinabi naman ni regional defense civil defense director Bernardo Alejandro, na mahalagang mailikas ang mga nasabing hayop para hindi na bumalik pa ang mga magsasaka sa danger zone.

Adrian: At sa ibayong dagat, tinatayang tatlumpu't limang libong Pacific Walrus ang dumagsa sa baybayin ng Point Lay, hilaga-kanlurang bahagi ng Alaska. Namataan ang mga nasabing hayop matapos magsagawa ang National Oceanic and Atmospheric Administration o NOAA ang kanilang taunang arctic marine mammal aerial survey. Ayon sa mga dalubhasa, naganap ang pagtitipon ng mga walrus dahil sa kakulangan ng yelo sa karagatang Arktiko na karaniwang pinaglalagian nito upang manganak at magpahinga. Indikasyon naman ito ng pagbabago ng klima sa rehiyon kung saan iba pang hayop gaya ng polar bear sa pagsisid ng kanilang pagkain. At ako po si Adrian Herico para sa Kwentuhan Pets Atbp.

Khrysta: Maganda yung balita mo sa ngayon, yung mga ineevacuate na mga hayop doon sa danger zone sa Mayon.

Adrian: Yes po.

Khrysta: Kasi I remember a few years ago, siguro mga 1990's, yung nagaactup yung Mayon volcano noon, tapos hindi sinama yung mga baboy nila, mga baka, mga aso nila. Yung iba, ayaw nila umalis pero maraming animals ang namatay kasi di sinasama ng gobyerno sa evacuation plans nila. So after Katrina, naalala mo yung hurricane Katrina sa US?

Adrian: Sa Louisiana?

Khrysta: Marami namatay kasi ayaw nila iwanan mga aso, pusa, mga animals nila sa mga bahay, narealzie ng American government na kailangan pala isama ang mga hayop sa evacuation plans so ngayon alam mo naman sa Pilipinas lagi tayo gumagaya sa whatever's happening in the US, we're starting to include the government in fact pinapayagang isama na ang mga animals sa evacuation center which is really really great news I think no.

Adrian: I think it's long overdue kasi bukod sa human face ng disasters tulad ng bagyo, baha at lindol, hindi lang mga tao ang naapektuhan kasama rin ang mga hayop na kasama ng tao. So hindi complete ang evacuation preparations kung human aspect lang ang pagbibigyang ng pansin.

Khrysta: Oo, kasi alam mo not just property kasi dati yun ang considerations sa kanila pero ngayon they're already part of the family, even part of I think of the individual. Kaya ayaw mo talagang mahiwalay, kaya pag ang tao may nakita nga ako sa Youtube isang tao, nasusunog na yong bahay niya as in nagcrucumble na, all in flames, tapos dumating yung lalake may ari ng bahay nagsisigaw siya at nashock lahat ng onlookers kasi sumugod siya, pumasok siya sa nasusunog niyang bahay di nila maintindihan kung bakit. Tapos lumabas siya hawak hawak niya yung aso niya, isang Shih tzu.

Adrian: Wow.

Khrysta: Diba shih tzu mahaba buhok, buti di nasunog so ibig sabihin people really risk their lives just to save their animals so dapat lang na isama sila sa mga evacuation plans. Okay, tapos yung pangalawang balita mo naman yung mga walrus?

Adrian: Yes.

Khrysta: Ano daw yun, climate change at nagdagsaan marami daw na walrus?

Adrian: Yes, ma'am. Kasi karaniwan daw kasi sa pagkabasa ko dun sila sa Arctic ice namamalagi, parang doon sila magrerest, doon sila magpeperform ng diving ano nila para kumuha ng seashells sa seafloor.

Khrysta: Ah, yung pagkain nila.

Adrian: Ang problema po kasi is the way yung current ng air, ng ocean, nadadala sa Arctic yung mga pollutants, yung mga toxic chemicals kaya nadedeplete ang ozone layer, nagkakaroon ng carbon dioxide accumulation numinipis tuloy yung parang sunscreen ng atmosphere kaya yung rays ng sun, mabilis matunaw ang yelo dahil doon.

Khrysta: So etong mga walrus na ito, baka sumunod ito sa mga polar bears kasi I think polar bears are one of the most endangered species on the planet, kasi wala na nga eh, nawawala na ang kanilang tirahan at saka pagkain nila. Makikita mo marami na polar bears ngayon nalulunod, kasi they're not really swimmers, malalaki sila. So mga walrus, kahit mga swimmers sila kung nawawala na habitat nila, napopollute na, wala na sila pagkain, baka later on susunod na sila maging endangered, it's really sad. But anyway, pinagaaralan na nila yan so I think hopefully, except that malabo raw makahanap ng totoong solution sa climate change, pero hopefully malaman nila ang totoong reason at magawan ng paraan, hopefully. I'm saying hopefully no. Pero Adrian, siguro magbreak muna tayo at mahaba haba ang discussion natin no tungkol sa coral reefs.

Adrian: Okay, magbrebreak po muna tayo at sa aming pagbabalik, tatalakayin natin ang tungkol sa mga coral reefs na importanteng bahagi ng buhay sa ating karagatan. Ayon nga sa British environmentalist na si Sheherazade Goldsmith, "Coral reefs represent some of the world's spectacular beauty spots, but they are also the foundation of marine life. Without them, many of the sea's most exquisite species will not survive." At ang tumpak na oras ngayon ay 1:15

(Commercial Break)

Khrysta: Welcome back po sa programang Kwentuhang Pets Atbp. Huwag po kayong aalis, dahil sa ilang sandali, meron tayong special guest. Sinabi nating special kasi student rin siya dito taking his masters and he's really an environmentalist and not only that, mahilig din siya magiscuba dive and I suppose snorkeling. At saka pinapahirapan niya sarili niya, mahilig siya sa mga survival courses, parang sundalo bago ka pumunta ng Iraq kailangan mong dumaan sa mga survival courses.

Adrian: Parang training ng mga US marines.

Khrysta: Yun, yon. Papakwento din natin sa kanya mamaya. So ang guest po natin ngayon ay si Gregg Yan of the World Wildlife Fund. Good afternoon Gregg.

Gregg: Hello, good afternoon po. Prof. Rara, who is an awesome professor. And my newfound friend, Adrian who alam niyo ho ba for all our listeners. Buti hindi tayo public ngayon si Adrian sobrang galing nyang Noh performer, isang form of ancient Japanese...

Adrian: Traditional theatre.

Gregg: Yes. Traditional theatre, in fact nagperform kanina sa Adrian and blew our socks off as in kailangan pa namin isuot ulit.

Adrian: Not really.

Gregg: Kasi yung performance.

Adrian: Not really.

Gregg: So thank you so much for having us in DZUP. It's always an honor for WWF.

Khrysta: Diba yung Noh, ang kailangan niyan ay loud voice talaga?

Adrian: Yes, and you embody the spirit kunwari of a rock.

Khrysta: A rock?

Adrian: Yes.

Khrysta: So bagay yan sa beach!

Gregg: Bakit a rock?

Adrian: Kasi ikaw yung nagprovide ng backdrop, ng atmosphere, ng ambiance para doon sa sumasayaw.

Gregg: It's a rock I see.

Adrian: The stillness, the immovability. And then you're there pounding at your drum and chanting, and you have to project that image of a rock.

Khrysta: So, pwede bang ipractice yan sa beach at mga coral reefs?

Gregg: Pwede.

Adrian: Pwede po.

Khrysta: Pero a rock, are still. Can coral reefs be still?

Gregg: Coral reefs are never still. They're always in motion. They're always changing.

Khrysta: Oh really? Tell us. Tell us Gregg.

Gregg: Well, you know the story of coral reefs? As in modern coral reefs, only dates back ten thousand and eleven years.

Adrian: They're relatively young, in terms of Earth age.

Gregg.:Yes, that's right. Kasi the conditions needed to support these coral reefs are relatively new. Yung medyo mataas ulit yung carbon dioxide levels natin, tapos yung mean temperature ng planeta natin ay mga fifteen degrees. So all of the coral reefs that we see now are ten thousand years old. Or younger, so basic natin ay...

Khrysta: Teka, teka, teka, basic muna ano ba ang coral reefs? Are they plants, stones, animalys, ano ba yon?

Gregg: Okay. They are animals, but they also have animals growing within their tissues.

Adrian: Is it the zoanthalae?

Gregg: Yeah, zoanthalae and zoochlorilae. Ang coral mukha talaga siyang sea anemone, mukha siyang bulaklak tapos magaling siya kasi kaya niyang i-clone ang sarili yung sarili niya. Therefore kunwari, i-clone ko yung sarili ko, meron na akong 852 na Gregg, eksakto yung genetic code na magkakakamukha kami, eto yung sinasabi namin lahat. So once corals clone themselves, they form coral colonies.

Adrian: They reproduce asexually and ano, sexually.

Gregg: And sexually, that's right, that's true. Corals can bud, and corals release gametes, which are sex cells.

Adrian: Ah, I remember yung parang coral snow, yung parang clouds ng seeds sa dagat.

Gregg: It's actually a very important event for divers and fish, na once the fish know na magbubuga na ng sperm and cells yung coral, they aggregate around the reefs and trinatry nilang ubusin pero...

Khrysta: Kinakain nila?

Gregg: Yes, kasi plankton rin yun eh. But it takes so much...

Khrysta: Ok, kasi pag hinawakan natin sila, matigas na eh.

Gregg: Matigas? Although...

Khrysta: Pag NASA tubig pa sila.

Gregg: Okay, ang corals meron dalawang basic na klase yan. Meron tayong tinatawag na hard corals. Yung hard corals kapag namamatay yan, nagsescrete siya ng skeleton which is made up of calcium carbonate. It is the same material as your blackboard chalk, for our bones.

Adrian: Pwede rin limestone?

Gregg: Limestone. The other large group of corals, they're what we call soft corals, eto yung mga halaman. So kapag namatay ang mga soft corals, walang maiwan except for a very few species tulad ng red coral na alam natin. Yung usually, noong 1980s, nang hindi pa masyadong illegal kumuha ng mga corals, uso yan sa bonsai kasi red coral is very attractive.

Khrysta: Ginagawang jewelry yan, diba?

Gregg: Ah, iba pa yung red coral visually, it's a kind of deep sea coral, it's just extremely rare and illegal to get so...

Khrysta: Since when naging illegal?

Gregg: Naghihigpit kasi ang batas natin, so from 1998 onwards through Republic Act 8550, meron ng napasok na mga bawal natin kunin, bawal nating alagaan, bawal nating ibenta tulad ng red coral, blue coral, reef building corals and so on. That's a blue coral.

Khrysta: Yeah, meron pong dinala dito si Gregg dito na blue coral.

Gregg: Very endangered.

Khrysta: Very endangered and very illegal. Pano mo nakuha ito?

Gregg: Kasi sa WWF, meron kami collection ng mga illegal na bagay.

Khrysta: (laughs)

Gregg: Kasi kailangan ipakita kung ano ang legal at illegal.

Khrysta: Breakable ba to?

Gregg: Matigas siya. Okay, so yung hard corals, mahirap siyang basagin but yung soft corals very brittle, very easy na masira. Okay, actually mas important na grupo ay mga hard corals sapagkat sila yung ginagamit natin building blocks para makagawa natin ng tinatawag na coral reefs. So you can have a bazillion soft corals, pero kapag namatay sila lahat ganun pa din yung mukha ng place. Pero yung hard corals, kapag lahat yan namatay, magiging coral reef yan and they tend to grow on top of old colonies. Ang nangyari palaki ng palaki mageexpand yan upwards or outwards. Kaya minsan makakakita tayo ng mga corals na halos dikit na sa surface ng tubig or pag low tide...

Adrian: Yung mga atoll, ganun?

Gregg: Oo, oo. Ang atoll ganun din siya magwowork. Scientifically, it's a combination of coral growth and tectonic action, na kapag lumulubog na yung...

Adrian: Kunwari extinct na volcano.

Gregg: Oo, ganun usually maggrow ang coral atoll. So there anyway, yun yung klase ng corals pero marami yun.

Khrysta: May red, may blue, give us some of the ordinary names.

Gregg: Oh okay, so dami po yan, so kunwari magdidiving tayo imagine we're gonna jump in to the sea and you see lots of fish and then nasa ilalim nila yung parang mga spiky spiky corals. Yun usually yung mga stag hard corals, which is a very large family of corals which comes from branch from the acrophora and osilophora. There's stag horn corals, elkcorn corals, mushroom corals na parang disc, parang frisbee yan eh. In fact, di nakakabit ang mushroom corals, very unique yan.

Khrysta: So nakahiwalay yan, detached?

Gregg: Detached sila so they can move around on their own. Pwede sila mabuhay sa sand. Blue corals, cause when they die, they're blue. Red corals, because when they're alive they're white, but when they die their skeleton is red.

Adrian: Naturally, ang coral diba brown pero depende sa protein na kinakain niya. Nagmamanifest yung pigment nang ano...

Gregg: Okay, most corals are naturally white, except for certain corals like red coral or green coral. What gives coral their color is the presence of symbiotic algae, dalawang klase yan you said kanina zoanthalae, it's a kind of brown algae. So okay, yung second kind naman is zoochlorophyll, it's a kind of green algae. Lahat ng corals na nakikita niyo ay combination ng zoanthalae at zoochlorilae plus the last factor is kung ano mang protein pigment ang isesecrete ng isang coral, yun din ang magdidictate kung magiging reddish ba siya or yellowish

ba. Pero yung base color niya ay brown, sorry to be so technical. It's also possible for corals to change color overtime.

Khrysta: Ay yung sinasabi na coral bleaching?

Gregg: Oo, yung coral bleaching naman it happens kapag naiinitan ang corals kasi nga ang coral ay isang hayop na very specific ang conditions kung saan siya nagevolve. Kasi ang dagat, hindi naman, medyo constant kasi ang conditions niyan eh, it takes a bazillion years para magiba ang acidity and temperature. So kapag iniba mo bigla yung conditions, corals will react in different ways. Kunwari, painitin mo ang isang coral reef, yung algae niya ay magiging toxic so ang gagawin niya iiexpel niya. Parang ipapawis niya yung algae. So kung ano man ang color niya, may brown may red, magiging white siya. Now it's possible kapag bumalik ulit yung temperature to normal, na makattract yung coral, magically makaattract ng free floating zoophylae or zoochlorilae pero pagbalaki nun, posible magiging iba na yung kulay. So it's possible for corals to change colors.

Khrysta: So ang corals serve as tahanan or bahay ng mga isda? Isda, or whatever mga creatures sa ilalim ng dagat. And food also nila, pagkain nila.

Gregg: Tama po Prof. So corals, actually it's one of science's biggest paradoxes.

Adrian: Darwin's paradox.

Gregg: Yes. You've heard of Darwin's paradox?

Khrysta: Sige nga explain.

Adrian: Yung conditions na agitated yung water, turbulent and then hindi siya ganun ka nutrient rich as in sa Atlantic or sa Pacific northern hemisphere and southern hemispheres. Pero ang nakakamangha sa corals, nakakadwell siya, nakakathrive siya sa ganung conditions.

Gregg: Usually, you would expect life to thrive when nutrient levels are high. But corals are different, kasi kapag puro nutrients ang isang coral reef maovertrow lang siya ng plants like seaweed or like seagrass, meron tayung seagrass kung mababaw yung areang yun. Pero iba ang coral reef, so anyway, less than 0.1% ng buong ocean floor ang coral reefs.

Khrysta: Less than 0.1%?

Gregg: As in dot lang siya sa mapa, pero one in four of all marine creatures thrive around coral reefs.

Khrysta: So Gregg, kulang na kulang ang mga coral reefs?

Gregg: Sakto lang kasi the world cannot support that it has, in the past, let's say ten thousand years old. Kapag ibahin natin yung conditions for life dito again sa planeta, posible dumami or kumonti na naman ang mga reefs kasi ganun naman ang planet Earth, constantly magiiba ang mukha ng buhay sa kanya. So actually 95% of everything that has ever lived on this planet is now extinct. So lahat ng alam natin, ito lang yung buhay sa generation natin.

Khrysta: Pero magiiba rin ito?

Gregg: Magiiba rin, pero meron may mga matagal nang buhay na mga hayop like antelope, basically unchanged ang mukha ng antelope for millions of years. Or camel ngayon, tingnan mo mukha niya.

Khrysta: Turtles?

Gregg: Turtles, that's right. Turtles have looked like that for millions of years. Corals bata pa lang, at least yung modern day corals natin.

Khrysta: So saan mo mahahanp yung mga corals, malapit sa shore, sa dalampasigan or kailangan talaga malalim ang dagat?

Gregg: So yung general conditions for corals to thrive, mataas yung flow ng tubig and sunlight kaya pinakamaraming corals dito sa parte ng mundo natin at least coral diversity. So sa Australia, nandun yung pinakamalaking reef dito sa mundo, Great Barrier diba. Meron tayong pinakamalaking reef dito sa Pilipinas, Apo reef sa Mindoro. Ganda nun, nagdive ako dun ako dati tapos naglinis kami ng mga sea star, may isang klase ng sea star which kumakain ng coral.

Adrian: Crown of thorns?

Gregg: Crown of thorns. Nililinis namin dati, tapos yung crown of thorns tinamaan akos kamay eh yung crown of thorns may saphorin toxin.

Adrian: Venomous siya diba?

Gregg: Venomous. So hindi ko nafeel yung left arm ko for mga two hours kasi masakit talaga siya. Pero meron ding klaseng hindi mo masasabing coral reef, meron cold water coral reef sa Atlantic pero merong corals na kayang mabuhay sa malalim. So usually most corals sa mababaw na mainit na malakas yung kurente, pero may corals din sa malalim. Eto yung mga corals na endangered at kinukuha natin para gumawa ng jewelry. Yung mga black corals at red corals, recently lang meron tayo nahuli sa Manila Bay port area sampung libong sako yata ng black coral, eto na naman ata yung mga Chinese na humuhuli sa atin. Tapos for a black coral centimetre, one year siya.

Khrysta: Wow.

Adrian: Oh my, ang tagal.

Khrysta: Magkano ang bentahan?

Gregg: Mga hindi rin ganun kataas. Tapos eto pa, I'm also doing a campaign to try to end the trade, things like this, yung black coral, red coral or even yung corals na gusto nating idisplay sa ating mga bahay. So it's called the best alternatives campaign, as for more information our listeners can just google best alternatives Gregg Yan tapos makikita na nila yung ibang aspeto ng ginagawa namin.

Khrysta: Naku marami pang, papexplain natin yan yung best alternatives mamaya kay Gregg. Tapos papakuwento natin sa kanya yung scuba diving trips niya.

Gregg: Sure.

Khrysta: What was the best experience, anong namemeet niya sa ilalim ng dagat.

Adrian: At kung kayo po ay may tanong, reaksyon o suhestiyon, tumawag lang sa numerong 503.82888 o di kaya'y magtext sa 0926.680.8283 at 0932.446.1836. At kung kayo naman ay nasa internet, ang aming livestream sa www.dzup.org. Kami rin po ay nasa Facebook, hanapin lang po ang Kwentuhang Pets Atbp. sa inyong search box para po sa aming Facebook page. At kami po ay magbabalik, break lang po muna tayo, ang oras ay 1:33.

(Commercial Break)

Khrysta: Balik po tayo sa Kwentuhang Pets Atbp. at kasama natin sa studio ang ating student producer na si Adrian Herico at ang ating guest na si Gregg Yan ng World Wildlife Fund o WWF. Pero bago tayo magdiskusyon, pinamagatang "The Year of the Reef". Adrian, ano ba itong kantang ito?

Adrian: Yes Khrysta, ang kantang ito ay para sa organisasyong reefcheck.org na kinompose siya noong international year of the reef ng isang board member nila na si Mr. Lesser, at pinerform ito ng Thin Ice band.

Khrysta: Bakit siya ginawa, as in year talaga ng reef?

Adrian: Sa title. Parang gusto nilang ipromote ang awareness tungkol sa coral reefs.

Khrysta: O Gregg, and ganda ng kantang yun no, okay siguro narinig lang natin sa kanta na scuba diver na kung ano ba makikita, na just how wonderful is it down there.

Gregg: Well, sa among all of the countries sa buong mundo, ang pinakamurang country para magscuba diving ay ang Pilipinas. In fact, scuba diving really became mainstream sa Asia

because of diving sa Anilao, Batangas and our sites are some of the best studied, most well dived areas.

Khrysta: Can you describe for us is it like kingdoms or colors, yun lang ang naririnig ko eh.

Gregg: Well usually it works like this, depending on the dive you want, meron kasing shore entry nasa beach ka, yung favorite ko eh lalayo muna kayo yung in a boat. You go out with your group, tapos may plano na kayo on a boat, and then you backroll, you dive into the blue. Kapag dive mo, ano yan nasa ibang mundo ka na, the only sounds you'll be hearing will be yung regulator (regulator sounds).

Khrysta: Parang sa hospital?

Gregg: Oo, yun yung maririnig mo, saka yung little sounds like clackity-clack of corals, bato bato and sand. But visually, it's amazing kasi yung sea drop offs for hundreds of feet, descending into the depths at hindi mo makikita. Most of the good dives kasi dito sa Pilipinas are wall dives, so we basically go around highlands and then very, mataas kasi yung mga isla parang pinuno mo lang nang naman tubig yan eh, so isipin mo yung nakikita mo ay fifteenth floor ng isang building lang lage. Pero pag magdive ka, kaya mong pasukin hanggang basement, so it's a vertical wall and punong puno yan ng kung anu-anong meron soft corals, yung mga seafan, yung ibang seafan, mukha siyang pamaypay talaga, iba-ibang kulay may red, may yellow. Tapos mas malaki pa siya sa tao. Sa Tubattaha, one of my favorite dive sites kasi research area siya ng WWF, meron tinatawag doon na seafan alley. So the seafans there are thousands of years old, and they're larger than the divers.

Khrysta: Larger than the divers?

Adrian: Ang laki pala.

Gregg: Yeah, magandang kunan yan, classic shot is yung seafans at yung diver sa likod. May ganun ako, may ganun akong picture. Siempre you just don't dive for the corals, you dive for the fish, the fish in any coral reef they are amazing. Everything makikita mo si Nemo, mga clownfish, hanggang mga grouper.

Khrysta: Lalabas galing sa corals?

Adrian: Galing sa mga sea anemone?

Gregg: Oo yung mga anemone yung mga clownfish. Meron diyan mga fish kumakain ng corals, last dives ko sa Tubattaha kami may bumphead parrotfish, malaki yan Yung isang bumphead, kasing laki ng baboy.

Khrysta: Wow.

Gregg: Tapos kumakain siya ng corals. Anyway, they're coral eaters, when you see them, you usually don't see them alone, they aggregate sa school of forty. Then you'll see the bigger ones like sea turtles, amazing, and sharks my favorite things to do to check out sa reef. So sa Tubattaha meron kayong mga black tip shark na maliliit, white tip shark na...

Khrysta: Totall safe to swim the one to swim?

Adrian: Yung mga reef sharks?

Gregg: Reef sharks, but there was this one time in 2012, 2013, pag dive namin hinintay lang namin yung grupo may turtle akong iphophoto, kasi nagshoshoot din ako underwater, I'm also a photographer. So I was moving up to photograph a male green sea turtle, biglang lumabas out of the blue tiger shark na mas malaki pa sa kwartong ito. Literally. Napuno yung mask ko ng tiger shark, fortunately I snapped off one very blurry shot before it swam off. What does this mean? Kung ang coral reef mo ay merong malalaking pating, dolphins, these are apex predators, and they are the surest sign na healthy pa ang of food mo. Kase parang tigre yan, di ka naman magkakaroon ng tigre kung wala kang fifty deer na kakainin niya every year, so para magka tiger shark, kailangan very healthy pa yung system.

Khrysta: So mga indicators sila?

Gregg: Yes, they're indicator species. Unfortunately, not many coral reefs in the Philippines and the coral triangle, itong sector ng mundo natin are in good condition. Mostly, medyo poor na ang condition ng karamihan ng reefs sa buong mundo. Parang the holdouts would be Tubattaha, Apo reef, are in good shape or the Mesoamerican reef sa South America.

Khrysta: Bakit sinasabi parati, ang daming promotional campaign na save the reefs, bakit in danger ba sila?

Gregg: Oh yes, very much, very much so. Coral reefs are in danger of a) human activities. Ang pinaka importanteng challenge ay yung climate change, kasi kahit anong gawin mong solution, whether iguard mo 24/7 ang coral reef, kapag uminit yung tubig or naging acidic yung tubig, dahil sa climate change, tepok yan. Wala, wala ka magagawa.

Khrysta: Kailangan meron temperature talagang minemaintain.

Gregg: Hindi naman talaga natin kayang iregualte ang temperature ng oceans, wala pa naman tayong technology, maybe in 250 years diba, cause meron din tayong pollution, whenever nagtatapon tayo ng solid waste, especially organic waste like food, or tulad ng minention mo kanina, runoff from agriculture...

Adrian: Fertilizers.

Gregg: Puro nutrients yan. Mamatay ang reefs kasi hindi mabubuhay ang corals kapag mataas ang nutrient levels ng tubig. Mabubuhay ang let's say seagrass, or yung seaweed, pero ang corals ayaw niya ng nutrients so mamatay siya. Lastly, so many people catch fish, and so many people take corals as souvenirs or for the pet trade. In theory...

Khrysta: Pet trade?

Gregg: For the pet trade.

Khrysta: Nilalagay sa aquarium?

Gregg: Nilalagay yan sa aquarium. In theory, hindi naman yan masama. Kung meron pa tayong eleven bazillion corals, okay lang yun pero paubos na kasi ang corals sa mundong ito so dalawa lang yan. Kung gusto niyo magalaga ng coral, make sure na farmed yan. And there is technology to quote and quote "farm" coral, because although mahirap siyang gawin, may mga hobbyist tayo dito sa Pilipinas na meron nang know how out of cutting for fragments, nagagawa yan.

Khrysta: So you must have big pools or tanks, para mafarm.

Gregg: Yes, there are specialists kasi mahal na yung gamit. Ako kasi, okay I used to study how to keep corals and all sorts of fish, lahat ng fish, para maintindihan, maalagaan mo yan eh at some point back when marami pang corals, which is an indicator of my age, being 21.

Khrysta: Of course, of course.

Gregg: Pwede siyang maalagaan ngayon ng mas madali kaysa noong 1990s, 1980s, 1970s, kasi ang level of technology diyan.

Khrysta: Saka yung awareness siguro.

Gregg: Yes, and gumagaling na rin yung mga hobbyists.

Adrian: Kasi nabasa ko sa WWF website, they don't last for more than a year.

Gregg: Ah, those are the reef fish. Many of the reef fish, totoo yan, they don't last for more than a year kasi nagsacyanide tayo, usually di naman marunong magalaga ng saltwater fish yung bumibili yun yung katotohanan. Kasi mura yung saltwater fish, tapos kala natin irereplace lang kapag namatay pero mali yun kasi buhay yun eh. Anyway, the second solution would be to stick with fake corals.

Khrysta: Ano yun, made of what?

Gregg: Made of rubber, or resin or plastic.

Adrian: Concrete. Non-toxic concrete.

Gregg: Yes, pwede yon. At kung magaling ka pagpinta at nacast mo siya nga tama, the fake corals look 99.82% like the real things.

Khrysta: Pwede maloko yung isda?

Gregg: Pwede maloko yung isda, pwede rin maloko yung mga, lahat pwedeng maloko. Pero wala tayo talagang niloloko, kasi going for alternatives na mas sustainable in the end, hindi na natin kailangan pang kumuha ng stocks sa wild so it's a very very viable solution.

Adrian: I've seen in the US, nagpapalubog sila ng mga barko eh, mga derelict ships.

Gregg: Oo, para tubuan ng corals. Iba naman yun, it adds what we call surface topography. Yung life ay tutubo doon, pero for corals naman you can grow them in farms, vats na indoor outdoor or yung better solution is mga resin alternatives usually ganito siya magwork. Kumuha ka ng isang coral, is the same way na kaya kong magcast nang kahit ano, yung seashell kunwari. Gagawa ako ng molde, tapos bubuhusan natin yan ng semento or whatever, kapag binuksan natin yung molde, perfect na yung mukha ng coral, pag pinintahan mo yun, it can look exactly like the original. And you can do it 500,000 times or more for a single coral. So imagine, kapag nagcast ka ng coral let's say one million times, you would in effect save 999,999 corals isa lang yung kinuha mo.

Khrysta: Pero diba kung malagay kang ng mga synthetic materials doon sa dagat namukhang reefs talaga, wouldn't that be toxic to the animals kasi akala nila coral reef baka kainin nila.

Gregg: Ito ay para sa pet trade.

Khrysta: Ah, para sa pet trade lang.

Gregg: Para sa pet trade, for those that collect corals for display, it's on the curio trade naman. Pra sa dagat, the best solution would be two things. One would be to protect the existing enclaves ng corals. The largest reef system sa mundong ito which WWF is already doing, and lots of other organizations like reefcheck, reefcheck din kasi ako. I'm also a reefcheck eco diver.

Khrysta: So ibig sabihin, what do you do?

Gregg: We are trained to assess coral reefs, to check on the health nila. In fact, the people I was with are now in this school. They're from the UP marine science institute, and UP national institute of physics, last season kasama ko sina Dr. Baichon.

Adrian: I saw yung sa isang article sa Rappler yung ARRAS, automated rapid reef assessment system.

Gregg: Yeah, kasama ko si Dr. Baichon ng NIP, recently lang galing ako NIP I gave a talk for NSTP. Ah yon, sina Dr. Jin saka yun mga DOST, our partner sa government, UP. Ano yun, they're spearheading these research which will change the way we look at coral reefs kasi ngayon guesstimate lang ang pagassess natin sa karamihan ng reefs, kunwari patche patche ang data nating from the 19-kopong kopongs up to now. Ito yung search na pinapioneer ng ARRAS, it allows us to have not real time pero relatively fresh images of our coral reefs.

Adrian: Parang yung ginagawa sa Google Earth?

Gregg: Pwede mo iupload yun sa Google Earth, tapos pwede mo siyang makita in real time kung naupload mo kahapon, kaya mong tingnan kung ano mukha ng reef sa Tubattaha.

Khrysta: Satellite yan?

Gregg: Ah ano siya eh, what you do literally is gagamit ka ng isang damakmak na mga GoPro camera, tapos kukunan mo yung sea floor, because they're developing stitching technology, kaya mong gumawa ng isang mosaic of the sea floor. And though hindi mo kayang gawin yun sa lahat, kunwari Tubattaha is 97,000 hectares, di mo magagawa yun sa lahat pero you can have specific sites kung saan uulit uulitin mo yun. Tapos these sites are indicators how healthy the reef is, so plano ni Dr. Jin gawin to for 10,000 of the 27,000 square kilometers of coral reefs dito sa bansang to. Once they hit that goal, meron na tayong hindi guesstimate na picture, the health of our coral reefs, and if we can do it in the Philippines, Indonesia can do it, Malaysia.

Khrysta: Okay, so to sum it up ang threat sa corals ay human activities, climate change, pollution...

Gregg: Boat anchors, divers na hindi marunong magdive, kailangan hawakan yung mga divers na nageetch ng pangalan nila brain coral.

Khrysta: Ano ba naman yun.

Gregg: Hindi sila Pilipino because it wasn't in English. They're from other countries, pero hindi dapat ginagwa yun vinavandalize nila. Coral takes what, a year to grow a centimetre. Then harvesting, illegal harvesting for the pet trade. Again yung take ko sa pet trade, may certain sector na kayang ibahin yung trade kasi meron silang know how kung pano magamit ang knowledge nila for conservation, like yung kayang maggrow ng corals, useful yun for us. And finally, shifting to alternatives yung kaninang napagusapan natin huwag nang kumuha ng mga corals bumili na lang ng mga alternative. Meron ng binebenta nga ngayon, sa ebay lang or sa alibaba.com, dami na niyan. For the fish naman, Don't keep saltwater fish unless sobrang

desidido ka and you're financially and emotionally prepared na alagaan yung mga yun, if not just keep goldfish or freshwater fish twenty times mas madali.

Khrysta: So mga solution diyan sabi mo ay just use alternatives, yung mga synthetic coral. And farming.

Gregg: Yes, coral farming is a very viable solution. Kailangan lang sureball na farmed ang corals at hindi wild caught tapos ikeclaim mo na hindi farm namin to, kailangan kitang kita mo yung supply chain niya. Kailangan very transparent.

Khrysta: Ang hirap no, dadalawa lang ang possible solutions.

Gregg: Ah well yung third solution is siyempre pangalagaan natin ang coral reefs by being responsible beach goers and divers, skim divers and snorkeling. This summer kapag dive natin sa beach, huwag na po natin hahawakan, or if kailangan humawak kasi malakas yung current, hawak ka sa bato ang dali dali naman makita kung bato o coral eh. May polyps yung coral, bato walang polyps. At huwag kukuha ng little mementos, diba yung gusto mo ng coral...

Khrysta: Mahilig tayo diyan. Dapat pictures lang ang kunin.

Gregg: Nothing but pictures and trash, every dive should be a cleanup dive, every climb if you're a mountaineer should be a cleanup climb. And if you do it dito sa generation na ito, and naging prevalent siya sa kultura natin, all of the other young ones would follow suit and they won't even think about it.

Khrysta: Nasan education dun?

Gregg: Education is the most important thing for everyone, even something as simple as knowing what is legal and illegal, malaking deterrent na yan para sa mga nanghuhuli ng illegal.

Adrian: Para hindi na sabihin na may batas pala tayong ganito.

Gregg: Oo, and always remember ignorance is never an excuse.

Khrysta: Right, oo. Unfortunately, magaalas dos na tayo so Gregg can you sum it up ano ba mangyayari kung mawala itong corals sa ating mundo, what can we do, what can government do, what can we do as private citizens?

Gregg: Okay so para po sa ating listeners, hindi lang yan bahay ng isda, hindi lang yan bahay ng invertebrates, yan ay nagprovide sa atin ng pagkain natin.

Khrysta: Natin? Paano?

Gregg: Kung walang coral reef, wala kang coral reef fish. Maraming coral reef fish kinakain natin, kung hindi yun ang kinakain natin, yung mga pelagics na kinakain natin na lumalapit sa reefs tulad ng mga treval yung mga talakitok or tuna.

Khrysta: Tanigue?

Gregg: Tanigue. Blue marlin sa open ocean na yun, malalaki na yun. Kapag inubos mo yung coral reefs, wala na tayong pagkain sa dagat, eh ang dami dami ng tao ngayon as in seven billion na ang tao. Noong pinanganak ako, five billion palang ata.

Adrian: Almost or exceeding 100 million na tayong Pilipino.

Gregg: Every year, every 12 years dumadagdag ng one billion and population ng planet Earth. Pano mo papakainin yun kung hindi mo prinoprotektahan yung mga natural system na nagbibigay sayo ng pagkain. Number two, tourism. The Philippines has a lot going for it naman, marami tayong bundok, masaya ang mga Pinoy pero as a tourism hotspot ang isa sa best draws natin ay maganda ang beaches natin, and hand in hand yan, good beach, good timing. So kung hindi pangalagaan ang coral reef, wala tayo kikitain at mahuhuli tayo, so it's always more fun to dive in the Philippines. So for more information naman on how to conserve our reefs, just log on to the Facebook fanpage of WWF Philippines at WWF.Philippines. Meron tayong website nun, wwf.org.ph, or kung meron kayond katanungan add niyo lang ako si Kuya Gregg. Hindi pa ako actually kuya kasi 21 pa lang ako. Ako si Gregg Yan.

Khrysta: Tito na lang, tito. (Laughs)

Gregg: Prof naman, bata pa tayo. Add niyo lang po ako sa Facebook.

Khrysta: Okay, Facebook ng WWF?

Gregg: Yes, WWF.Philippines.

Khrysta: Ano ba yung main campaigns ng WWF?

Gregg: Ay ang dami po, yesterday kakagaling lang namin ng Iloilo to prepare the city for climate change adaptation yan yung one.

Khrysta: Ah official ba yun? Akala ko you were out in the jungle again.

Gregg: Ah no no, every now and then yun usually pag summer. We also conserve the largest enclaves of biodiversity in the world, be it in the forest of Borneo, the rivers of South America or the ice caps, WF site yun yung walrus area.

Khrysta: Ah, okay. So pinagaaralan niyo ngayon?

Gregg: Yes, yung melting ng Greenland ice sheet. Problema talaga yun.

Khrysta: Yeah, napanood ko yun, the size of Manhattan lately.

Gregg: Malaki na.

Adrian: Yung icebergs nagbebbreak aways sa ice sheet.

Khrysta: Grabe pala, pag nagbagsakan grabe pala.

Gregg: Ay oo, the size of buildings kasi lumulutang sa dagat yung isa naman solid yung isa south pole nasa ground. So anyway, maraming campaigns ang WWF because it's very large organization. Pero there, kung meron kayo katanungan, Facebook lang.

Khrysta: Yeah okay, so unfortunately po our time's up for today. Maraming salamat ulit Gregg Yan of World Wildlife Fund or WWF, isa sa pinakamalaking na tumutulong din sa mga hayop na endangered sa environment din, o sa kalikasan din. At diyan po nagtatapos ang ating kwentuhan sa araw na ito, maraming salamat Adrian Herico, maraming salamat sa lahat ng nakinig ngayong hapon. Mabuhay kayong nagmamahal, tumutulong sa lahat ng hayop pati mga kasama nating hayop sa bahay, yung mga kinakain o tinatawag na food animals at pati na rin ang wildlife na nainirahan sa dagat, sa lupa at sa bundok katulad ng pinagusapan natin ngayon coral reefs. Huwag pong kalimutan abangan kami next week, miyerkulers ng hapon, ala una po, ako po muli ang inyong host, Khrysta Imperial Rara...

Adrian: Kasama si Adrian Herico.

Adrian & Khrysta: Dito sa DZUP 1602, kasali ka!